


Senior High School

Filipino sa Piling Larang (Isports)

Ikalawang Markahan-Modyul 3: Maikling Saliksik sa Kasaysayan ng Iba't Ibang Larong Katutubo



Filipino sa Piling Larang (Isports)

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Maikling Saliksik sa Kasaysayan ng Iba't Ibang Larong Katutubo at Banyaga Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lynette V. Mandap
Editor: John Albert B. Colle
Tagasuri: Mariel Eugene L. Luna

Tagaguhit: Lynette V. Mandap
Tagalapat: May L. Borjal
Tagapamahala: Malcolm S. Garma
Dr. Jennifer F. Vivas
Dennis M. Mendoza
Micah S. Pacheco
Madeline Ann L. Diaz
Dr. Gina U. Urquia
Mariel Eugene L. Luna

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City

Telefax: 02-929-0153

E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

**Filipino sa Piling Larang
(Isports)
Ikalawang Markahan-Modyul 3:
Maikling Saliksik sa
Kasaysayan ng Iba't Ibang
Larong Katutubo at Banyaga**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Maikling Saliksik sa Kasaysayan ng Iba't Ibang Larong Katutubo at Banyaga**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap Filipino sa Piling Larang (Isports) - Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Maikling Saliksik sa Kasaysayan ng Iba't Ibang Larong Katutubo Banyaga**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




Alamin

Tatalakayin sa aralin na ito ang maikling saliksik sa kasaysayan ng iba't ibang larong katutubo.

Sa araling ito, matutuhan mo ang ilang mahahalagang bagay na makatutulong sa iyong pag-aaral. Inaasahang malilinang mo ang mga kasanayang ito:

- Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto at angkop na paggamit ng wika (**CS_FI11/12WG-0m-o-96**)
- Naitatala ang mga panuto (rules) sa programang pang-isports (**CS_FI11/12PD-0g-i-90**)
- Nakapagsasaliksik ng datos kaugnay ng isusulat na piniling anyo ng sulating pang-isports (**CS_FI11/12EP-0m-o-44**)



Subukin

Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot.

1. Ang larong ito ay masasabing pinakakilalang laro ng mga Pilipino. Patuloy na kumakalat ang popularidad nito sa iba't ibang lalawigan bagamat mas kilala ito sa Bulakan.
A. patintero
B. trumpo
C. luksong lubid
D. taguan
2. Ito ay nilalaro sa pamamagitan ng pag-akyat sa mahabang kawayan na nilagyan ng grasa na magsisilbing pampadulas.
A. syato
B. palosebo
C. sipa
D. Jack-en-poy
3. Sa larong ito, may mga batang umaarte na tulad sa ama at ina sa isang bahay, partikular na ang nipa hut, at may kasamang beybi na manika.
A. patintero
B. luksong lubid
C. luksong baka
D. bahay-bahayan

4. Tinatawag itong Tepak Sakraw sa Indonesia at Sepak Raga sa Malaysia, ang laro na ito ay madaling makita sa lansangan sapagkat mga punit-punit at makukulay na plastik at isang takip ng bote o tansan lang ang kailangan.
- | | |
|-------------|----------|
| A. palosebo | C. sipa |
| B. trumpo | D. syato |
5. Sa larong ito, ang isang manlalaro ay magbabaluktot ng likod nang bahagya habang nakasuporta ang kamay nito sa kaniyang tuhod.
- | | |
|-----------------|------------------|
| A. taguan | C. Jack-en-poy |
| B. luksong baka | D. luksong lubid |

Aralin**3****Maikling Saliksik sa
Kasaysayan ng Iba't Ibang
Larong Katutubo at Banyaga*****Balikan***

Itala ang mga dapat tandan sa pagsulat ng replektibong sanaysay gamit ang talahanayan sa ibaba.

Mga Bahagi ng Replektibong Sanaysay	Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat
1. Introduksyon	
2. Katawan	
3. Kongklusyon	



Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.



Tuklasin

Maikling Saliksik sa Kasaysayan ng Iba't Ibang Larong Katutubo at Banyaga

Ang mga Pinakasikat na Larong Tradisyunal

Alamin mo ang iba't ibang katutubong laro sa Pilipinas sa modyul na ito. Basahin ang “Sampung Pinakasikat na Larong Tradisyunal ng mga Pinoy.”

Sampung Pinakasikat na Larong Tradisyunal ng mga Pinoy

Ang mga tradisyunal na larong Pinoy ay sadyang nakaaakit, kakaiba, at bunga ng malikhaing imahinasyon. Sa katunayan nga, kahit na magalit pa ang ina kapag umuwi ang bata dahil marumi, pawis, at amoy araw, o maski pa mapingot ang kanilang mga taynga ay hindi nila ito inaalintana makasama lamang sila sa paglalarong ito kasama ng mga kaibigan. Isang napakagandang bagay pa tungkol dito ay puwede itong laruin ng kahit na

sino at kahit saan.

Umpisahan natin sa maikling kasaysayan ng larong Pilipino.

Kilala rin ang larong Pilipino sa bansag na “Laro ng Lahi” dahil sinasagisag nito ang kulturang tunay na maipagmamalaki ng mga Pilipino. Unang inilunsad ang palarong ito noong Pebrero 10, 1984 sa Laoag, Ilocos Norte sa pangunguna ng *Ministry of Education, Culture, and Sports* (ngayo’y *Department of Education*), *Office of the Provincial Governor at Office of the Municipal Mayor*. Di naglaon ay ibinilang na rin ito sa ilalim ng araling *Physical Education ng Bureau of Physical Education and School Sports*.

1. Patintero

Ang larong ito ay masasabing pinakakilalang laro ng mga Pilipino. Patuloy na kumakalat ang popularidad nito sa iba’t ibang lalawigan bagamat mas kilala ito sa Bulacan. Bilis, liksi, at galing sa pagtaya ng kalaban ang pangunahing dapat na isinasaalang-alang ng bawat manlalaro. Ang basehan ng pagkapanalo sa larong ito ay ang bilang ng mga manlalarong nakalampas sa bawat guhit nang hindi natataya ng kalaban. Ang isang grupo ay kinabibilangan ng hindi bababa sa 10 miyembro. Maaaring maglaro ng patintero sa kahit anong lugar basta’t nasusulatan ang sahig ng yeso na nagsisilbing marka ng hangganan o kaya naman ay mga linyang dapat malampasan ng bawat manlalaro. Bilang pasimula ng laro, maghahagis ang isa ng barya upang malaman kung aling grupo ang mauunang maglaro at kung sinong grupo ang taya.

2. Luksong Lubid

Ang larong ito na binubuo ng tatlo o higit pang manlalaro ay simple lamang na kahit pinagdugtong-dugtong na goma ay maaari nang gamitin. Sa larong ito lumulukso ang bawat manlalaro habang pabilis nang pabilis ang ikot ng tali o ng pinagdugtong na mga goma. Kapag tumama ang tali sa paa ng lumulukso, dahilan upang matigil ang pag-ikot nito ay papalit naman ang ibang manlalaro sa taya. Isa pang uri ng luksong lubid ay tinatawag na Chinese Garter. Sa larong ito, tatlo o higit pang manlalaro ang maaaring sumali. Gamit ang garter, lulukso lamang ang bawat manlalaro ngunit hindi tulad ng sa naunang uri, ang garter ay pataas ng pataas: mula sa bukong bukong hanggang sa itaas ng ulo. Kapag matatangkad naman ang iyong mga kalaban at may mahaba kang binti ay malaki ang tsansa ng pagkapanalo. Madalas itong makitang nilalaro ng mga bata sa makikipot na kalye ng Tondo, Manila.

3. Taguan

Isang larong sikat sa mga lalawigan ng Pangasinan, Nueva Ecija at Pampanga, ito ay hango sa larong Ingles na ang tawag ay Hide and Seek. Magandang maglaro nito sa mga lugar na maraming kubo, puno at matataas na halaman. Kahit ilang tao ay pwedeng sumali, ang kailangan lamang ay may tukuyin na “taya”. Ang sinumang matukoy na taya ay siyang magbibilang ng hanggang 30 habang nakapikit at nakasandal sa puno na

nagsisilbing home base. Habang ang taya ay nagbibilang, ang mga kalaro ay maghahanap ng kani-kaniyang mapagtataguan. Pagkatapos magbilang ng taya ay hahanapin na niya ang mga nagtago. Ang bawat nagtago naman ay hahanap ng paraan upang makapunta sa home base nang hindi nakikita ng taya sabay sisigaw ng “save”. Maliligtas mula sa pagkataya ang sinumang makapunta dito nang hindi nahuhuli. Matatapos lamang ang laro kung ang lahat ng manlalaro ay nakalabas na sa pinagtataguan.

4. Trumpo

Sa madaling pagsasaliksik ng larong trumpo, makikita mo muna ang sikat at hinahangaang palabas noong 90s. Ito ay pinamamagatang “Tropang Trumpo” na pinagbibidahan nina Ogie Alcasid, Michael V, Gellie De Belen at Carmina Villaroel. Ang nakatatayang palabas na ito ay hango sa larong trumpo. Sa salitang banyaga, tinatawag din ang larong ito bilang Spinning Top sa Ingles, Spun Tsa Lin sa Intsik at Koma Asobi sa Hapon. Dalawang mahalagang gamit ang kinakailangan upang makapaglaro nito. Una ay ang gawa sa kahoy na hugis ng tulad sa acorn na mayroong pako na nakabaon ang ulo mula sa kahoy at ang pangalawa, isang mahabang lubid na magpapaikot sa kahoy na may pako. Sa oras na mapakawalan na ang kahoy mula sa lubid, marapat na maglaan ng sapat na espasyo ang manlalaro upang magpaikot-ikot ito sa iba’t ibang direksyon. Mahilig maglaro ng trumpo ang mga batang lalaki sa Lanao del Sur. Sa kanilang lugar rin nagmula ang pinakamalaking trumpo sa Pilipinas; tinatawag itong Batige.

5. Sipa

Tinatawag na Tepak Sakraw sa Indonesia at Sepak Raga sa Malaysia, ang larong ito ay madaling makikita sa lansangan sapagkat mga punit-punit at makukulay na plastik at isang takip ng bote o tansan lang ang kailangan. Nilalaro ito sa pamamagitan ng paghahagis at pagsipa pataas gamit ang paa, siko o iba pang parte ng katawan. Kapag sumayad na sa lupa ang tansan, ibig sabihin ay tapos na ang laro. Madalas kang makakakita ng mga batang naglalaro ng sipa sa mga pampublikong paaralan ng Bulacan, pagkatapos ng kanilang mga klase.

6. Bahay-bahayan

Katulad ng larong ito ang Titser Titseran (Umaarteng guro) at Doktor doktoran (umaarteng doktor). Sa larong ito ay may mga batang umaarte na tulad sa ama at ina ng isang bahay, partikular na ang kubo o nipa hut, at may kasamang manika na nagsisilbing beybi. Ang karaniwang ginagawa ng ama dito ay pumapasok sa trabaho habang ang ina na nakasuot ng saya ay naghahanda ng makakain gamit ang mga putik na gawa sa plato at mga damo at bulaklak na nagsisilbing pagkain. Inaalagaan din ng umaarteng ina ang beybi na manika na kanilang anak. Kalat ang kasikatan ng larong ito sa iba’t ibang lugar sa Pilipinas sapagkat bawat bata ay mismong sa magulang nakakakuha ng ideya kung paano sila gagayahin.

7. Jack-en-poy

Sa Ingles, ang bansag dito ay Rock-Paper-Scissors. Ang larong ito ay naglalayong matalo ang bawat galaw ng kamay sa pagitan ng dalawang manlalaro. Halimbawa, talo ng gunting ang papel, talo ng papel ang bato at talo ng bato ang gunting. Hindi makukumpleto ang larong ito kung wala ang kantang “jack-en-poy, hali, hali hoy! Sino’ng matalo siya’ng unggoy! Kinahihiligan ito ng karamihan sa Maynila.

8. Luksong Baka

Sa larong ito, ang isang manlalaro ay yuyuko ng bahagya habang nakasuporta ang kamay nito sa kaniyang tuhod. Ang mga kalaro ay lulukso sa itaas ng taya gamit lamang ang mga kamay. Kapag sumayad ang mga binti ng lumukso sa ibang parte ng katawan ng taya, siya ang papalit dito. Sa mga bukirin ng Pangasinan sikat ang larong pinoy na ito.

9. Siyato

Kung tatanungin mo ang mga bata sa Visayas tungkol sa larong Pitiw (syato), ay kilalang kilala nila ito. Dalawang manlalaro ang maglalaban dito. Kailangan ng bawat isa ang maikling patpat upang magsilbing pamato at mahabang patpat para gawing panghampas nito. Ang maikling patpat ay pumapagitna sa dalawang bato o home base at ang unang maglalaro ay ihahagis ito pataas sabay hataw dito gamit ang mahabang patpat hanggang sa maipalo palayo mula sa home base. Ang napalayong patpat ay pupuntahan ng naghagis at uulitin ang unang ginawa. Titigil lamang ito kung hindi natamaan ang kahoy habang nasa hangin. Ibabalik ito ng manlalaro habang sumisigaw ng “siyato” pabalik sa home base. Kung hindi nakasigaw ng “siyato” ay uulitin nito ang paghagis at paghataw.

10. Palo Sebo

Hindi makukumpleto ang pistang Pilipino kung walang Palo Sebo. Ito ay nilalaro sa pamamagitan ng pag akyat sa mahabang kawayan na nilagyan ng grasa na magsisilbing pampadumulas. Kinakailangan ang malakas at makapit na paghawak sa kawayan upang makaabot sa tuktok at makuha ang premyo. Sa mga lalawigan sa Luzon tanyag ang larong ito sapagkat maraming puno ng niyog (madalas gamitin sa larong ito) ang matatagpuan dito.

Jack-en-poy, hali hali hoy! Sinong matalo siyang unggoy! Tara na at maglaro!

Ipamana natin ito sa kabataang Pilipino na isinilang sa ibang bansa, dahil ang mga larong ito ay tatak ng isang tunay na Pilipino.

Kinuha mula sa:


<https://www.akoaypilipino.eu/lifestyle/sampungpinakasikat-na-larong-tradisiyunal-ng-mga-pinoy/> (15 February 2012)



Suriin

Paghambingin ang mga laro noon at ngayon sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba.

Paghahambing ng mga Laro		
Pokus ng Paghahambing	Noon	Ngayon
1. Kagamitan		
2. Lugar		
3. Paraan ng Paglalaro		
4. Manlalaro		
5. Pakinabang		



Pagyamanin

Basahin at unawain ang teksto sa ibaba. Sagutin ang mga tanong kaugnay nito pagkatapos.

Sipa: Isang sulyap sa Kulturang Pilipino

Marichelle O. Balay (The Varsitarian) | August 30, 2002

Isa sa pinakalumang laro ng Muslimlandia at kinikilalang pambansang tradisyonal na laro ang sipa. Patuloy itong kinikilala hanggang ngayon. Lahat ng klase ng tao ay maaring makapaglaro nito. Kinakailangan lamang ang malusog na pisikal na pangangatawan at ang dalawang binti kung kaya't karamihan sa mga Pilipino ay nagustuhan ito. Naging bahagi na din ito ng makasaysayang kultura ng mga Pilipino na siya din namang nakakuha ng atensyon ng mga turista.

Binubuo ng walong miyembro ang sipa. Yari sa rattan at halos kasing laki ng bola ng baseball ang ginagamit sa larong ito. Mas maliit naman sa volleyball court ang ginagamit sa sipa at mas mababa ang net dito. Pareho din ng sa volleyball ang paraang ginagamit na scoring dito.

Kinikilalang pinakamatanda sa larong sipa si Jesus de Jesus noong dekada 70. Madalas na nag-eensayo si de Jesus sa Rizal Park sa pagnanais niyang lalong makilala ang larong ito. Dahil dito, naging tanyag na pambansang kampeon ng sipa 1959-1962 si de Jesus.

Nang wala ng torneo ng sipa na itinatanghal, napilitan si de Jesus na tumigil sa paglalaro. Ayon kay de Jesus, hindi niya maintindihan kung bakit hindi tinatangkilik ng mga Pilipino ang larong sipa habang lubos na hinahangaan ito ng mgq ibang tao sa ibang bansa dahil sa kagandahan at kasimplehan nito. Bukod sa natatangi ito, minimal din ang pagkakataon na masaktan sa larong sipa.

Subok na ng panahon ang sipa, kung kaya't walang dahilan upang hindi ipagpatuloy ang pagtangkilik sa larong ito na tunay namang maipagmamalaki nating mga Pilipino.

1. Ano-ano ang kailangan upang makapaglaro ng sipa?

2. Paano nilalaro ang sipa?

3. Bakit hindi tinatangkilik ng mga Pilipino ang larong sipa?

4. Ano ang dahilan at may mga larong Pinoy gaya ng sipa na nananatili na lamang bahagi ng kasaysayan at kultura ng mga Pilipino?

5. Ano sa palagay mo ang tungkulin ng mga Pilipinong manlalaro gaya mo sa pagtataguyod ng mga larong unti-unti nang kinikilala bilang bahagi na lamang ng kasaysayan?




Isaisip

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga laro ng lahi?

2. Paano ninyo ipagmamalaki ang mga ganitong laro sa mga kapwa ninyo kabataan sa makabagong panahon?

3. Bakit mahalagang maipagpatuloy ang paglalaro ng mga larong ito sa kabila ng pagiging modern ng mga laro sa kasalukuyan?



Isagawa

Magtanong-tanong at magpakuwento sa iyong mga lolo't lola ng mga larong madalas nilang laruin noong kanilang kabataan, mga kasangkapang kailangan para dito, at kung paano ito nilalaro. Mula sa mga nakalap na datos, sumulat ng isang sanaysay tungkol sa larong iyong nasaliksik. Gawing batayan ng bubuuing sanaysay ang Pamantayan sa Pagmamarka sa ibaba.

Pamantayan sa Pagmamarka			
	5	3	1
Paksa	Malinaw na naipaliwanag ang paksa	May banggit ng paksa ngunit hindi nabigyang-diin	Hindi malinaw ang paksa
Pagsasalaysay	Mahusay at malinaw na naipahatid gamit ang pagsasalaysay	Maligoy at hindi malinaw ang punto ng pagsasalaysay	May kalabuan ang paraan ng pagsasalaysay
Batayan	Nakapagbigay ng sapat na mga datos mula sa mga taong nakapanayam at babasahing sinaliksik	Nagbibigay ng ilang datos mula sa naging panayam	Walang batayan ang saliksik
Wika	Naipaliliwanag nang mahusay ang punto dahil sa mahusay na paggamit ng wika	Naipahahatid ang nais sabihin gamimt ang wastong wika.	Gumagamit ng mga hindi akmang salita sa kaisipang nais ipahayag




Tayahin

Panuto: Piliin ang letra ng larong tinutukoy sa bawat bilang.

- | | |
|----------------|------------------|
| A. Taguan | D. Luksong lubid |
| B. Trumpo | E. Syato |
| C. Jack-en-poy | |

1. Ang larong ito na binubuo ng tatlo o higit pang manlalaro simple lamang na kahit pinagdugtong-dugtong na goma ay maaari nang gamitin.
2. Dalawang mahalagang gamit ang kinakailangan upang makapaglaro nito. Una ay ang gawa sa kahoy na mayroong pakong nakabaon sa ulo ng kahoy at isang mahabang lubid na magpapaikot sa kahoy.
3. Ito ay hango sa salitang Ingles na “Hide and Seek”. Magandang maglaro nito sa mga lugar na maraming kubo, puno, at matatas na halaman.
4. Dalawang manlalaro ang maglalaban ditto. Kailangan ng bawat isa ang maikling patpat upang magsilbing pamato at mahabang patpat para gawing panghampas nito.
5. Ang larong ito ay naglalayong matalo ang bawat galaw ng kamay sa pagitan ng dalawang manlalaro. Sa Ingles, ang bansag dito ay “Rock-Paper-Scissors.”




Karagdagang Gawain

Saliksikin ang kasaysayan ng mga nakatalang isports sa ibaba

Mga Banyagang Isports sa Pilipinas	Maikling Kasaysayan o Pinagmulan
1. Basketball	
2. Football	
3. Badminton	
4. Speak-Takraw	

5. Boxing	
6. Baseball	
7. Billiards	
8. Volleyball	
9. Bowling	
10. Taekwondo	



Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto
Subukin
1A, 2B, 3D, 4C, 5B
Tayahin
1D, 2B, 3A, 4E, 5C

Mga Sanggunian

Aguilar, Jennifer L. and Jomar I. Canega. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.*

Jocson, Magdalena O. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.* Nuncio, Rhoderick V. and Elizabeth Morales Nuncio.

Sidhaya 11: *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.*

Santos, Corazon at Ma. Althea Enriquez. *Filipino sa Piling Larang Isports - Kagamitan ng Mag-aaral.*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph